

**Republika ng Pilipinas
KAMARA DE REPRESENTANTE
Lunsod ng Quezon, Metro Manila**

**IKALABINLIMANG KONGRESO
Unang Sesyong Regular**

House Bill Blg. 515

**Panukala ng mga Representante ng AKBAYAN Party-List na sina
Kgg. Kaka Bag-Ao at Kgg. Walden Bello**

PALIWANAG

Ang *equal protection clause* sa Katipunan ng mga Karapatan (Bill of Rights) ay ipinagbabawal ang diskriminasyon batay sa oryentasyong sekswal o anumang katayuan sa pagtamasa ng karapatan. Ayon sa isang tinitingalang tagapagtaguyod ng Saligang Batas, ang *equal protection clause* “ay ang tiyak na garantiyang konstitusyonal ng Pagkakapantay-pantay ng Tao.” (J. Bernas, S.J., *Constitutional Rights & Social Demands: Notes and Cases*, Vol. II [1991], p. 48). Ipinag-uutos ng probisyong ito na “ang mga batas ay ipatupad nang pantay at pareho sa lahat ng mga tao na may magkakatulad na mga kalagayan o na ang lahat ng tao ay dapat tratuhin sa parehong pamamaraan, kung hindi magkaiba ang mga kalagayan, pareho sa paggagawad ng pribilehiyo at sa pagpapataw ng pananagutan.” (J.M. Tuason and Co. vs. The Land Tenure Administration, 31 SCRA 413)

Ihinahayag din ng Saligang Batas na pinahahalagahan ng Estado ang dignidad ng bawat tao at ginagarantiya ang ganap na paggalang sa mga karapatang pantao (Seksyon 11, Artikulo II, Saligang Batas 1987). Inaatasan din nito ang Estado na siguruhin ang pagkakapantay-pantay sa harap ng batas ng mga babae at lalaki (Sek. 14, *Id.*).

Sa karagdagan, ang Pilipinas ay lumagda sa maraming mga internasyonal na kasunduan na naglalayong pasiguruhan ang paggalang

Salin sa Filipino ng edisyong Inggles, na siyang opisyal na teksto.

Mayo 2011.

Hindi maaaring gamitin, isalin, o kopyahin sa anumang porma o anyo ang anumang bahagi ng babasahing ito kung walang nakasulat na pahintulot mula sa tagapaglimbag.



Building Community Strength.
Fueling Community Growth.

sa mga karapatang pantao ng lahat ng tao anuman ang seks, oryentasyong sekswal o iba pang kondisyon. Ang mga instrumentong ito ng mga pandaigdigang karapatang pantao ay matibay na ipinapakahuluganan ng mga internasyonal na institusyon, tulad ng UN Human Rights Committee at ng UN Committee on Economic, Social and Cultural Rights, upang isama ang proteksyon laban sa diskriminasyon sa batayan ng oryentasyong sekswal. Sa *Toonen v. Australia*, ang UN Human Rights Committee ay pinakahuluganan ang Artikulo 26 ng International Covenant on Civil and Political Rights (ICCPR), na inoobligahan ang mga Estado na “garantiyahan sa lahat ng tao ang pantay-pantay at mabisang proteksyon laban sa diskriminasyon sa anumang batayan tulad ng lahi, kulay, seks, wika, relihiyon, politikal o iba pang paniniwala, pinagmulang bansa o lipunan, pag-aari, kapanganakan o iba pang katayuan,” upang isama ang proteksyon laban sa diskriminasyon batay sa oryentasyong sekswal. Ang Committee on Economic, Social and Cultural Rights ay pinakahuluganan din ang Artikulo 2 ng ICESR upang isama ang oryentasyong sekswal sa mga probisyon laban sa diskriminasyon ng Covenant.

Sa kasamaang palad, malayo pang mahabol ng realidad ang marangal na layunin ng maraming mga batas at ng mga internasyonal na kasunduan. Ang mga lesbyana at bakla ay patuloy na pinahihirapan ng di-makatarungang pagtrato ng pangkalahatang lipunan, karaniwang dahil sa mga maling kuru-kuro o kamangmangan. Nakalulungkot para sa ating demokrasya na ang mga bakla at lesbyana ay itinuturing pa din na mababang klase na mamamayan sa pagsasanay nila ng mga karapatang nararapat nilang kamtin.

Sa mga paaralan, mga pook-trabaho, mga komersyal na mga establisimyento, mga serbisyong pampubliko, pulisya at militar, hinahadlangan ng mga di-makatarungang kagawian at patakaran na batay sa oryentasyong sekswal at pagkakilanlang pangkasarian ang pagsasakatuparan at pagtatamasa ng mga batayang karapatang pantao at pundamental na kalayaan. Ang isang lesbyana o baklang mag-aaral, halimbawa, ay pinagkakaitan ng karapatang makapasok o kaya naman ay pinapatalsik mula sa paaralan dahil sa kanilang oryentasyong sekswal o pagkakakilanlang kasarian. Hinahadlangan naman ng mga kumpanya ang promosyon ng mga lesbyana at baklang empleyado dahil sa malalim na paniwala na ang homosekswalidad ay isang indikasyon ng kahinaan. Inaabuso din ng mga ahensyang tagapagpatupad ng batas ang mga batas tulad ng batas kontra-bagansya upang ligaligin ang mga bakla.

Salin sa Filipino ng edisyong Inggles, na siyang opisyal na teksto.

Mayo 2011.

Hindi maaaring gamitin, isalin, o kopyahin sa anumang porma o anyo ang anumang bahagi ng babasahing ito kung walang nakasulat na pahintulot mula sa tagapaglimbag.



Building Community Strength.
Fueling Community Growth.

Samakatuwid, may kagyat na pangangailangan upang tukuyin at parusahan ang mga gawain na di-makatarungang nagdidiskrimina laban sa mga lesbyana at bakla. Dapat bigyang diin na ang listahan na nakapaloob dito ay hindi lubusang sumasaklaw sa lahat ng uri ng diskriminasyon bilang ito ay nakatutok lamang sa mga hayagang pangyayari ng diskriminasyon. Ang mga malapit o halos magkaparehong pangyayari ng diskriminasyon ay dapat na ituring na ipinagbabawal sa pamamagitan ng pagsusuri.

Sa pagkilala ng mga naunang nabanggit, at sa pangangailangan upang iwasto ang mga pangmatagalang diskriminasyon laban sa mga lesbyana at bakla sa lipunan, ang maagang pagpasa ng panukalang batas na ito ay masigasig at masugid na ibinubunsod.

Kgg. KAKA BAG-AO
Representante, Akbayan Party-list

Kgg. WALDEN BELLO
Representante, Akbayan Party-list

Salin sa Filipino ng edisyong Inggles, na siyang opisyal na teksto.

Mayo 2011.

Hindi maaaring gamitin, isalin, o kopyahin sa anumang porma o anyo ang anumang bahagi ng babasahing ito kung walang nakasulat na pahintulot mula sa tagapaglimbag.



Building Community Strength.
Fueling Community Growth.

**Republika ng Pilipinas
KAMARA DE REPRESENTANTE
Lunsod ng Quezon, Metro Manila**

**IKALABINLIMANG KONGRESO
Unang Sesyong Regular**

House Bill Blg. 515

**Panukala ng mga Representante ng AKBAYAN Party-List na sina
Kgg. Kaka Bag-Ao at Kgg. Walden Bello**

**ISANG BATAS NA NAGBABAWAL SA DISKRIMINASYONG NAG-UUGAT SA
ORYENTASYONG SEKSWAL AT PAGKAKAKILANLANG PANGKASARIAN AT
NAGTUTUKOY NG MGA KAPARUSAHAN PARA SA MGA ITO**

Hayaang ipasa ng nagkakatipong Senado at Kamara de Representante ng Pilipinas:

Seksyon 1. *Titulo.* – Ang Batas na ito ay kikilalanin at tutukuyin bilang “Batas Kontra-Diskriminasyon (Anti-Discrimination Act).”

Seksyon 2. *Deklarasyon ng Patakaran.* – Patakaran ng Estado na aktibong pawiin ang lahat ng anyo ng diskriminasyon na pumipinsala sa *equal protection clause* ng Katipunan ng mga Karapatan (Bill of Rights) at ng mga obligasyon ng Estado na nakapaloob sa mga instrumento ng mga karapatang pantaong sinasang-ayunan ng Republika ng Pilipinas, laluna ang mga gawing *discriminatory* na nababatay sa seks o oryentasyong sekswal. Tungo dito, ang mga gawing *discriminatory* na nililinaw dito ay ipinagbabawal at nilalapatan ng kaparusahan.

Seksyon 3. *Depinisyon ng Katawagan.* – Para sa layunin ng batas na ito, ang sumusunod na mga salita ay nililinaw sa paraang sumusunod:

- a. Ang *Oryentasyong Sekswal* ay nangangahulugan ng sekswal na atraksyong emosyonal o kondukta. Ang damdaming ito ay maaaring nakatuon sa mga taong may kaparis na seks (oryentasyong homosekswal), sa mga tao ng dalawang seks (oryentasyong bisekswal) o sa mga tao na may ibang seks (oryentasyong heterosekswal).

Salin sa Filipino ng edisyong Inggles, na siyang opisyal na teksto.

Mayo 2011.

Hindi maaaring gamitin, isalin, o kopyahin sa anumang porma o anyo ang anumang bahagi ng babasahing ito kung walang nakasulat na pahintulot mula sa tagapaglimbag.



Building Community Strength.
Fueling Community Growth.

- b. Ang *Pagkakakilanlang Pangkasarian* ay tumutukoy sa personal na pagdedesisyon kung paano kikilalanin, halimbawa, sa pananamit, inklinasyon, at pagkilos kaugnay ng mga kumbensyong panlalaki o pambabae. Ang isang tao ay maaaring maging babae o lalaki kahit na siya may itsura o mga katangiang *physiological* ng kabilang seks.
- c. Ang *Diskriminasyon* ay ipapakahulugan bilang anumang pag-iiba-iba (*distinction*), pag-e-etsapwera (*exclusion*), paglilimita (*restriction*), o pagtatangi (*preference*) na nababatay sa anumang dahilan na gaya ng seks, oryentasyong sekswal, pagkakakilanlang pangkasarian - aktwal man o inaakala, na naglalayon o nauwi sa pambabale-wala o pagsira sa pagkilala, pagtatamasa, o pagpapatupad ng pagkakapantay-pantay ng mga tao kaugnay ng lahat ng karapatan at kalayaan.

Seksyon 4. *Mga Gawing Discriminatory*. – Labag sa batas na ang sinumang tao, natural o *juridical* man, ay:

- (a) Magkait ng *access* sa serbisyo publiko, kabilang ang serbisyong militar, sa sinuman dahil sa oryentasyong sekswal at/o pagkakakilanlang pangkasarian;
- (b) Ibilang ang oryentasyong sekswal at pagkakakilanlang pangkasarian, gayundin ang paghahayag ng oryentasyong sekswal, sa mga pamantayan sa *hiring*, promosyon at pagtatanggal sa trabaho, at sa pagtatakda ng sahod, treyning, mga insentibo, mga pribilehiyo, mga benepisyo o *allowances*, at sa iba pang mga tuntunin at kondisyon sa pagtatrabaho;

Kasama sa prohibisyong ito ang *contracting* at *engaging of services* ng *juridical persons* na nag-uugat sa oryentasyong sekswal at pagkakakilanlang pangkasarian.

- (c) Tanggihan o patalsikin ang isang tao mula sa mga institusyong edukasyonal batay sa oryentasyong sekswal at pagkakakilanlang pangkasarian, nang hindi naman isinasantabi ang karapatan ng mga institusyong edukasyonal na alamin ang kwalipikasyong akademiko ng kanilang mga estudyante;

Kasama sa prohibisyong ito ang (i) mga parusang disiplinaryo na bukodtanging nakabatay sa oryentasyong sekswal at pagkakakilanlang pangkasarian; (ii) mga parusa na mas mabigat kaysa sa karaniwan, pangunahin dahil sa oryentasyong sekswal at pagkakakilanlang pangkasarian; o (iii) mga kaparis na parusa at pagbabawal.

- (d) Tanggihan o kanselahin ang akreditasyon, pormal na pagkilala, at/o rehistrasyon ng anumang organisasyon, grupo, partido pulitikal, institusyon o establisimyento, sa mga edukasyong institusyonal, pook-trabaho, komunidad, at

Salin sa Filipino ng edisyong Inggles, na siyang opisyal na teksto.

Mayo 2011.

Hindi maaaring gamitin, isalin, o kopyahin sa anumang porma o anyo ang anumang bahagi ng babasahing ito kung walang nakasulat na pahintulot mula sa tagapaglimbag.



Building Community Strength.
Fueling Community Growth.

iba pang lugar, nang batay lamang sa oryentasyong sekswal o pagkakakilanlang pangkasarian ng kanilang mga myembro o *target constituencies*;

Kasama sa prohibisyong ito ang pagpipigil at pagbabawal sa mga pagtatangkang mag-organisa;

- (e) Ipagkait sa isang tao ang serbisyong medikal at iba pang serbisyong pangkalusugan na bukas para sa pangkalahatang publiko, nang dahil sa oryentasyong sekswal o pagkakakilanlang pangkasarian ng nasabing tao;
- (f) Tanggihan ang aplikasyon, kanselahin ang propesyonal na lisensya na ipinagkaloob ng gobyerno nang dahil sa oryentasyong sekswal o pagkakakilanlang pangkasarian ng aplikante;
- (g) Ipagkait sa isang tao, batay sa kanyang oryentasyong sekswal o pagkakakilanlang pangkasarian, ang *access* o paggamit ng mga establisimyento, pasilidad, *utilities* o mga serbisyo, kabilang ang pabahay, na bukas sa pangkalahatang publiko. May pagkakait din kung ang isang tao ay binibigyan ng mababang klaseng akomodasyon o serbisyo;

Kasama sa prohibisyong ito ang diskriminasyon ng *juridical persons* nang dahil lamang sa oryentasyong sekswal o pagkakakilanlang pangkasarian ng kanilang mga myembro o *target constituencies*;

- (h) Ipailalim o piling sumailalim ang sinuman sa anumang eksaminasyong medikal o sikolohikal upang alamin at/o baguhin ang oryentasyong sekswal o pagkakakilanlang pangkasarian ng isang tao, nang walang malinaw na pagsang-ayon ng taong iyon, maliban na lamang kung ang nasasangkot ay menor-de-edad na wala pang sapat na kakayahang magpasya, at sa ganoong pagkakataon, kailangan ang pagsang-ayon ng kaukulang Family Court. Sa nasabing pangyayari, ang bata ay kakatawanin ng Solicitor General o ng kanyang awtorisadong kinatawan sa mga *proceeding*;
- (i) Ligaligin ng mga myembro ng mga institusyon sa pagpapatupad ng batas at pagtatanggol ng mga karapatan, gaya ng Philippine National Police (PNP) at Armed Forces of the Philippines (AFP), ang sinuman batay sa kanyang oryentasyong sekswal o pagkakakilanlang pangkasarian. Bukod sa iba pa, ang panliligalig ay nagaganap kung ang tao ay inaresto o ipinapailalim sa kustodyo, at may nangyayaring pangingikil at abusong pisikal o berbal, kahit na ang nasabing pag-aresto ay may batayang legal o *factual*. Ang panliligalig sa *juridical persons* batay sa oryentasyong sekswal o pagkakakilanlang pangkasarian ng kanilang mga myembro, *stockholders*, *benefactors*, kliyente, o patron ay saklaw rin ng probisyong ito.

Salin sa Filipino ng edisyong Inggles, na siyang opisyal na teksto.

Mayo 2011.

Hindi maaaring gamitin, isalin, o kopyahin sa anumang porma o anyo ang anumang bahagi ng babasahing ito kung walang nakasulat na pahintulot mula sa tagapaglimbag.



Building Community Strength.
Fueling Community Growth.

(j) Lahat ng iba pang may kaparis na sirkumstansya.

Seksyon 5. *Mga administratibong sanction.* – Ang pagtangi ng isang opisyal ng gobyerno na may tungkuling mag-imbesta, mag-usig o kaya’y umaksyon sa isang sumbong ng paglabag sa Batas na ito nang walang katanggap-tanggap na dahilan ay katumbas ng malubhang kapabayaang nasabing opisyal, na papatawan ng karampatang parusa ayon sa mga batas ng serbisyo sibil, panuntunan, at mga regulasyon.

Seksyon 6. *Mga parusa.* – (a) Ang mga taong mapapatunayang nagkasala ng anumang gawaing *discriminatory* na inihahanay sa mga seksyong nasa itaas ay mumultahan nang hindi bababa sa Isang Daang Libong Piso (P100,000) ngunit hindi hihigit sa Limandaang Libong Piso (P500,000) o ikukulong nang hindi bababa sa isang (1) taon ngunit hindi hihigit sa anim (6) na taon, o papatawan ng dalawang nasabing parusa, ayon sa diskresyon ng korte. Dagdag ring parusa sa mga nagkasala, ayon sa diskresyon ng korte, ang *community service time* sa anyo ng edukasyon sa mga karapatang pantao at *exposure* sa kalagayan ng mga biktima.

(b) Ang mga opisyal na direktang sangkot ay maaakusahan ng mga paglabag ng mga korporasyon, organisasyon, o kawangis na entidad.

Seksyon 7. *Separability clause.* – Kung may probisyon sa Batas na ito na mapapatunayang labag sa Saligang Batas, o kung sa iba pang paraan ay mapapawalambisa, mananatili pa rin ang bisa ng iba pang probisyon.

Seksyon 8. *Repealing clause.* – Lahat ng batas, dekreto, kautusan, panuntunan, at regulasyon o baha-bahagi ng mga ito na hindi umaayon sa Batas na ito ay pinawawalambisa o isasaayon ayon sa pangangailangan.

Seksyon 9. *Pagkakabisa.* – Ang Batas na ito ay magkakabisa labinlimang araw (15) matapos mailabas sa Official Gazette o sa kahit dalawa (2) lamang na pahayagan na may pangkalahatang sirkulasyon.

Aprubado,

Salin sa Filipino ng edisyong Inggles, na siyang opisyal na teksto.

Mayo 2011.

Hindi maaaring gamitin, isalin, o kopyahin sa anumang porma o anyo ang anumang bahagi ng babasahing ito kung walang nakasulat na pahintulot mula sa tagapaglimbag.



Building Community Strength.
Fueling Community Growth.